

PAGSUSURI NG NGIPIN SA IYONG PAARALAN

Magandang balita! Kami ay pupunta sa iyong paaralan!

Ang Pampublikong Kalusugan ay magbibigay ng mga pagsusuri sa ngipin para sa mga mag-aaral sa JK/SK, mga Baitang 2, 4 at 7 (kung naaangkop), gayundin sa iba pang mga mag-aaral kung naaangkop. Ang mga pagsusuri ay ibinibigay alinsunod sa Mga Pamantayan ng Pampublikong Kalusugan ng Ontario [Ontario Public Health Standards] (2021, o ayon sa kasalukuyan).

Ano ang isang pagsusuri sa ngipin?

Ang pagsusuri ay isang mabilis na pagtingin sa bibig ng isang Rehistradong Propesyonal sa Kalusugan ng Bibig [Dental Hygienist]. Ang isang isterilisdong salamin ng ngipin at mga guwantes na pamproteksiyon na vinyl ay ginagamit para sa bawat bata. Ang mga karagdagang hakbang sa pagkontrol sa impeksyon sa COVID-19 ay ilalapat. Kakailanganin ang mga bata na magsuot ng isang maskara sa maikling panahon habang hinihintay nila ang kanilang pagsusuri. Ang mga maskara ay ibibigay ng pangkat sa ngipin. Ang pagsusuri na ito ay hindi nilalayong palitan ang buong pagsusuri ng dentista ng iyong pamilya. Ang mga magulang ay aabisuhan kung may lugar ng alalahanin o kung may nakitang agarang kondisyon sa ngipin.

Bakit?

Ang pagsusuri ng ngipin ay tumutulong sa mga pamilya na malaman kung ang kanilang anak ay may problema sa ngipin at tinutulungan silang makakuha ng pangangalaga. Nagbibigay din ang mga pagsusuri ng mga istatistika tungkol sa kalusugan ng ngipin ng mga bata sa ating komunidad, na tumutulong sa pagtukoy ng mga programa sa ngipin na maaaring kailanganin.

Paano ko maisasama o maibubukod ang aking anak?

Kung ang iyong anak ay wala sa isa sa mga nakalistang grado at gusto mo silang masuri, o kung ayaw mong masuri ang iyong anak sa paaralan, mangyaring gamitin ang QR code na makikita sa ibaba o bisitahin ang wdgpublichealth.ca/hso para kumpletuhin ang pagsasama/pagbubukod na pormularyo sa online.

- **Pakikumpleto ang pormularyo ng pagsasama/pagbubukod ng hindi bababa sa isang linggo bago ang nakatakdang petsa ng pagsusuri.**



Anong mga libheng serbisyo sa ngipin ang makukuha sa Pampublikong Kalusugan?

Nag-aalok ang Pampublikong Kalusugan ng mga libheng serbisyo sa ngipin para sa mga bata at kabataan na 17 taong gulang at mas bata para sa mga pamilyang hindi kayang magbayad ng pangangalaga sa ngipin. Tawagan kami upang matuto nang higit pa tungkol sa aming mga libheng programa sa ngipin o para gumawa ng tipanan.

Linya ng Ngipin (Dental Line): 1-800-265-7293 ext. 2661

Ang impormasyon sa pormularyong ito ay kinokolekta sa ilalim ng awtoridad ng Batas ng Proteksyon at Pagtataguyod ng Kalusugan (Health Protection and Promotion Act) alinsunod sa Batas sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagkapribado ng Munisipyo (Municipal Freedom of Information and Protection of Privacy Act) at ang Batas sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon ng Kalusugan (Personal Health Information Protection Act). Ang impormasyong ito ay gagamitin para sa paghahatid ng mga programa at mga serbisyo ng pampublikong kalusugan; ang pangangasiwa ng ahensya; at ang pagpapanatili ng mga database ng pangangalagang pangkalusugan, mga rehistro at kaugnay na pananaliksik, bilang pagsunod sa mga kinakailangan sa batas at regulasyon. Anumang mga katanungan tungkol sa pagkolekta ng impormasyong ito ay dapat na idirekta sa Hepeng Opisyal ng Pagkapribado (Chief Privacy Officer) sa 1-800-265-7293 ext. 4340.